



Mga plano ng pagiging magulang

Impormasyong dapat isaalang-alang ng mga magulang kapag gumagawa ng plano ng pagiging magulang

Maaaring maging mahirap ang paghihiwalay para sa lahat ng kasangkot, lalo na sa mga bata. Sa hrap ng panahong ito, ang mga bata ay nangangailangan ng suporta mula sa kanilang mga magulang at iba pang mahahalagang tao sa kanilang buhay, tulad ng mga lolo't lola at mga kapatid. Ang katiyakan para sa hinaharap ay mahalaga rin para sa lahat.

Hinihikayat ng sistema ng batas sa pamilya na ang maghihiwalay na mga magulang ay gumawa ng mga kaayusan para sa mga bata at magkasundo nang hindi na kailangang pumunta pa sa korte, kung ito ay maaaring gawin nang ligtas. Maaaring itakda ng mga magulang ang mga kaayusan na gusto nila para sa kanilang mga anak sa pamamagitan ng paggawa ng plano ng pagiging magulang.

Ang pinakamabuti para sa iyong anak ang pinakamahalagang bagay na dapat isaalang-alang kapag gumagawa ng plano ng pagiging magulang.

Ano ang plano ng pagiging magulang?

Ang plano ng pagiging magulang ay isang boluntaryong kasunduan na sumasaklaw sa panahong gugugulin ng bata para sa bawat magulang, ang mga praktikal na pagsasaalang-alang sa pang-araw-araw na buhay ng isang bata, at kung paano magkakasundo ang mga magulang sa paggawa ng mga desisyon tungkol sa mga pangunahing pangmatagalang isyu para sa kanilang mga anak.

Ang plano ng pagiging magulang ay maaaring baguhin anumang oras, basta't sang-ayon ang mga magulang.

Sino ang maaaring gumawa ng plano ng pagiging magulang?

Upang lumikha ng plano ng pagiging magulang sa ilalim ng *Family Law Act 1975* (ang Batas Para sa Pamilya ng 1975), ang plano ay dapat gawin at pirmahan at lagyan ng petsa ng mga magulang ng bata. Gayunpaman, ang ibang mga tao, tulad ng mga lolo't lola at pangalawang magulang (step-parent), ay maaari ding isama sa plano ng pagiging magulang.

Mga plano ng pagiging magulang at ang batas

Ang plano ng pagiging magulang ay maaaring magkaroon ng anumang anyo, basta't ito ay nakasulat, at pinirmahan at nilagyan ng petsa ng mga magulang. Dapat wala itong anumang pagbabanta, panggigipit o pamimilit. Ito ay kinakailangan sa ilalim ng Family Law Act.

Mahalagang tandaan na ang plano ng pagiging magulang ay hindi legal na maipapatupad at iba ito sa kautusan sa pagiging magulang na ginagawa ng korte. Ang mga magulang na gumagawa ng plano ng pagiging magulang ay maaaring humiling sa korte na gumawa ng isang kautusan na may kaparehong mga tuntunin sa planong iyon. Kung napagkasunduan ng magkabilang panig na ang plano ng pagiging magulang ay gagawing mga kautusan ng korte, maaaring hilingin ng mga magulang sa korte na gumawa ng 'mga kautusan ng pahintulot' (consent order). Kapag nagawa na, ang mga kautusang ito ay legal na may bisa at may parehong epekto gaya ng anumang iba pang kautusan sa pagiging magulang na ginagawa ng korte.

Kung ang mga magulang ay pupunta sa korte sa ibang araw, dapat isaalang-alang ng korte ang mga tuntunin ng pinakabagong plano ng pagiging magulang kapag gumagawa ng mga kautusan sa pagiging magulang na may kaugnayan sa bata, kung ito ay para sa pinakamabuting kapakanan ng bata. Isasaalang-alang din ng korte kung hanggang saan tumutupad ang mga magulang sa kanilang mga obligasyon kaugnay ng bata, na maaaring kabilang ang mga tuntunin sa plano ng pagiging magulang.

Kung mayroong kautusan ng korte na nagtatakda ng mga kaayusan sa pagiging magulang, maaaring sumang-ayon ang mga magulang na baguhin ang mga kaayusan na iyon sa pamamagitan ng plano ng pagiging magulang (maliban kung iba ang nakasaad sa kautusan ng korte). Ginagawa nitong mas madali para sa mga magulang na sumang-ayon sa mga pagbabago nang hindi na kailangang bumalik pa sa korte.

Kung binago ng isang plano ng pagiging magulang ang isang umiiral na kautusan sa pagiging magulang, maaaring hindi maipatupad ng mga magulang ang mga bahagi ng lumang kautusan sa pagiging magulang na hindi naaayon sa mga tuntunin ng bagong plano ng pagiging magulang.

Pinakamabuting kapakanan ng bata

Kapag ang mga magulang ay gumagawa ng mga desisyon tungkol sa isang bata, ang mga pangangailangan ng bata ay dapat unahin.

Ang batas ay nagtatakda ng lista ng mga maaaring dahilan na naglalarawan kung ano ang dapat isaalang-alang ng korte kapag pinag-iisipan kung ano ang pinakamainam para sa isang bata kapag gumagawa ng mga kautusan sa pagiging magulang. Makatutulong para sa mga magulang na isaalang-alang ang mga maaaring dahilan na ito kapag gumagawa ng mga plano ng pagiging magulang, at pagpapasya sa mga bagay na tulad halimbawa, kung sino ang gagawa ng mga desisyon para sa bata at kung kanino sila dapat tumira at maglaan ng panahon.

Ang ilan sa mga nauugnay na maaaring dahilan ay:

- kaligtasan ng bata at mga taong nag-aalaga sa bata (kabilang dito kung nagkaroon ng anumang nakaraang karahasan sa pamilya)
- ang mga opinyon ng bata
- ang mga pangangailangan ng bata na pang-unlad, sikolohikal, pandamdamin at pangkultura
- ang kakayahan ng bawat tao na magiging responsable sa bata upang matugunan ang mga pangangailangan ng bata na pang-unlad, sikolohikal, pandamdamin at pangkultura
- ang benepisyo sa anak ng pagkakaroon ng relasyon sa bawat isa sa kaniyang mga magulang, at iba pang mga taong mahalaga sa kaniya (halimbawa, mga lolo't lola at mga kapatid), at
- anupamang bagay na nauugnay sa partikular na sitwasyon ng bata.

Kung ang bata ay isang Aboriginal o Torres Strait Islander, mahalagang isaalang-alang din kung paano makakatulong ang plano ng pagiging magulang sa batang iyon upang maranasan ang kanilang kulturang Aboriginal o Torres Strait Islander.

Ano ang maaaring isama sa plano ng pagiging magulang?

Ang plano ng pagiging magulang ay natatangi ayon sa kalagayan ng pamilya pagkatapos ng paghihiwalay. Dapat ito ay praktikal, simple at partikular hangga't maaari.

Maaaring harapin ng plano ng pagiging magulang ang anumang aspeto ng pangangalaga, kapakanan at pag-unlad ng isang bata.

Ang mga uri ng mga bagay na maaaring saklawin sa ilalim ng plano ng pagiging magulang ay kinabibilangan ng:

- kung kanino titira ang bata
- kung gaano karaming oras ang gugugulin ng bata sa bawat magulang (tingnan ang kaayusan ng oras o time arrangement, sa ibaba)
- kung gaano karaming oras ang gugugulin ng bata sa ibang tao, tulad ng mga lolo't lola
- kung paano itatalaga ang responsibilidad ng magulang, kabilang ang paggawa ng desisyon sa mga pangunahing pangmatagalang isyu, (tingnan ang responsibilidad ng Magulang, sa ibaba)
- mga konsultasyon na dapat mangyari tungkol sa paggawa ng mga desisyon sa mga pangunahing pangmatagalang isyu na nakakaapekto sa bata

- kung paano makikipag-usap ang bata sa bawat magulang o ibang tao (halimbawa, sa pamamagitan ng telepono, email o mga sulat)
- anong mga pagsasaayos ang kailangang gawin para sa mga espesyal na araw, tulad ng mga kaarawan at pista opisyal
- anong proseso ang maaaring gamitin para baguhin ang plano o lutasin ang anumang hindi pagkakasundo tungkol sa plano
- child support (suporta o sustento) para sa bata*
- anumang bagay na may kinalaman sa responsibilidad ng magulang o sa pangangalaga, kapakanan at pag-unlad ng bata.

* Nagagamit ang mga espesyal na panuntunan sa pagsasama ng suporta sa bata sa iyong plano ng pagiging magulang (tingnan **ang mga desisyon sa Pangangalaga – mga epekto sa suporta sa bata at Centrelink**, sa ibaba).

Maaari ko bang isama ang iba pang mga bagay sa aking plano ng pagiging magulang?

Ang plano ng pagiging magulang sa ilalim ng Family Law Act ay *dapat* tumugon sa isang partikular na aspeto ng pangangalaga, kapakanan at pag-unlad ng isang bata. Ang iba pang mga probisyon, tulad ng pagsustento ng asawa (spousal maintenance) o ari-arian, ay maaari ding isama, ngunit ang mga ito ay hindi legal na maipapatupad. Ang mga probisyong ito ay maaaring gawing legal na maipapatupad sa ibang mga paraan, tulad ng paghingi ng mga kautusan ng pahintulot (consent orders) kung ang mga isyung ito ay napagkasunduan. Ang paghiling ng mga kautusan ng pahintulot ay nangangailangan ng pagsang-ayon ng mga partido sa mga tuntunin at pagsusumite ng kasunduan sa korte para maaprubahan.

Mga pagsasaayos ng oras

Ang batas ay hindi naglalaman ng anumang pagpapalagay tungkol sa tagal ng oras na dapat gugulin ng isang bata sa bawat magulang. Bagama't ipinapalagay ng ilang mga tao na ang batas ng Australya ay nagbibigay ng karapatan sa mga magulang na gumugol ng magkapantay na oras sa kanilang mga anak, hindi kailanman ganito ang nangyayari.

Kapag nagpapasya kung kanino dapat tumira at maglaan ng oras ang isang bata, maaaring makatulong sa mga magulang na suriin ang mga maaaring dahilan na 'pinakamabuti para sa kapakanan ng bata' na isasaalang-alang ng korte kung kailangan nitong magpasya (tingnan ang **Pinakamabuti para sa kapakanan ng bata**, sa itaas).

Responsibilidad ng magulang

Ang pananagutan ng magulang ay tumutukoy sa lahat ng mga tungkulin, kapangyarihan, responsibilidad at awtoridad ng mga magulang kaugnay ng kanilang mga anak.

Bawat magulang ay karaniwang may responsibilidad bilang magulang sa anak, sila man ay kasal, nasa isang de facto na relasyon, hindi kailanman nagsasama, o anupaman. Nangangahulugan ito na ang bawat magulang ay maaaring independiyenteng gumawa ng mga desisyon tungkol sa bata. Kapag ang mga magulang ng isang batang wala pang 18 taong gulang ay naghiwalay, ang mga magulang ay patuloy na may responsibilidad bilang magulang, maliban kung ito ay binago ng isang kautusan ng korte.

Ang isang mahalagang aspeto ng responsibilidad ng magulang na maaari mong isama sa iyong plano ng pagiging magulang ay kung paano gagawin ang mga desisyon sa mga pangunahing pangmatagalang isyu para sa iyong anak. Kabilang sa mga pangunahing pangmatagalang isyu ang edukasyon ng bata, relihiyon at kultural na pagpapalaki, kalusugan, pangalan at makabuluhang pagbabago sa mga kaayusan sa pamumuhay ng bata.

Hinihikayat ng batas pampamilya sa Australya ang mga magkahiwalay na magulang na kumunsulta sa isa't isa kapag gumagawa ng mga desisyon sa mga pangunahing pangmatagalang isyu para sa kanilang anak, kung ligtas na gawin ito. Ang pinakamabuti para sa kapakanan ng bata ang pinakamahalagang konsiderasyon kapag gumagawa ng mga desisyong ito.

Wala nang umiiral na pagpapalagay na, kung kinakailangan ang mga kautusan ng korte, gagawa ang korte ng mga kautusan para sa mga magulang na magkasalo at magkapantay na gumawa ng desisyon sa mga pangunahing pangmatagalang isyu. Titingnan ng korte ang mga partikular na kalagayan ng kaso at gagawa ng mga kautusan batay sa kung ano ang pinakamainam para sa bata. Ang mga kautusan ay maaaring para sa magkasanib o pang-isahang responsibilidad ng magulang kabilang ang paggawa ng desisyon sa mga pangunahing pangmatagalang isyu. Ang korte ay maaari ding gumawa ng mga kautusan para sa magkasanib o pang-isahang paggawa ng desisyon na may kaugnayan sa mga partikular na pangunahing pangmatagalang isyu.

Iba pang mga pagsasaalang-alang kapag bumubuo ng plano ng pagiging magulang

Kapag bumubuo ng plano ng pagiging magulang, dapat isaalang-alang ng mga magulang ang impormasyong nakapaloob sa dokumentong ito, kabilang ang mga legal na implikasyon ng paggawa ng plano ng pagiging magulang. Maaaring makita ng mga magulang na kapaki-pakinabang na isama ang mga bagay mula sa listahan sa itaas sa isang plano ng pagiging magulang (tingnan ang **Ano ang maaaring isama sa isang plano ng pagiging magulang**, sa itaas).

Maaaring maging kapaki-pakinabang na isama ang mga kaayusan para sa paglutas ng anumang mga hindi pagkakaunawaan tungkol sa mga tuntunin ng isang plano ng pagiging magulang, o para sa mga pagbabago ng plano ng pagiging magulang. Makakatulong ito kung magbabago ang mga pangangailangan o kalagayan ng isang bata habang tumatanda sila (halimbawa, kapag nagsimula na ang bata sa elementarya o sekondaryang paaralan).

Mga desisyon sa pangangalaga – mga epekto sa suporta sa bata at Centrelink

Ang Child Support Scheme at Family Tax Benefit (FTB) Part A ay malapit na magkaugnay upang ipakita ang matagal nang prinsipyo na ang mga magulang ang pangunahing responsable para sa pinansiyal na suporta ng kanilang mga anak, kung saan ang Australian Government ay magbibigay ng tulong sa pamilya kung kinakailangan.

Ang pag-aayos ng pangangalaga sa isang bata ay maaaring makaapekto sa mga pagbabayad ng suporta sa anak ng magulang, FTB at mga pagbabayad ng suporta sa kita.

Ang higit pang impormasyon ay matatagpuan sa website ng Services Australia:
<https://www.servicesaustralia.gov.au/learning-about-child-support>.

Nahihirapan ka bang sumunod sa plano ng pagiging magulang?

Kung alinman sa magulang ay nahihirapang sumunod sa isang plano ng pagiging magulang na hindi niya maresolba sa pamamagitan ng pakikipagkasundo sa kabilang magulang, mayroong hanay ng mga serbisyong magagamit upang makatulong, tulad ng pagpapayo at paglutas ng hindi pagkakaunawaan sa pamilya. Halimbawa, maaaring baguhin ng mga magulang ang kasalukuyang kasunduan o gumawa ng bagong plano ng pagiging magulang sa tulong ng isang propesyonal.

Para sa impormasyon at payo, makipag-ugnayan sa Family Relationship Advice Line sa 1800 050 321, kasama ang mga referral sa mga serbisyo sa inyong lugar, tulad ng Family Relationship Center.

Kailangan mo ba ng tulong sa paggawa ng plano ng pagiging magulang?

May makukuhang mga serbisyo upang matulungan ang mga magulang na magkasundo tungkol sa kanilang mga anak, tulad ng pagpapayo at paglutas ng hindi pagkakaunawaan sa pamilya. Ang mga serbisyong ito ay inaalok ng hanay ng mga organisasyon, kabilang ang mga Family Relationship Centre.

Tungkol sa	May makukuhang suporta
Paggawa ng mga plano ng pagiging magulang	Maraming mga serbisyo na maaaring makatulong sa iyo sa paggawa at pagsunod sa mga plano ng pagiging magulang: • Linya ng Payo sa Relasyon ng Pamilya – tumawag sa 1800 050 321 o bisitahin ang https://www.familyrelationships.gov.au/talk-someone/advice-line. • Mga Family Relationship Centre at iba pang serbisyo sa pagresolba ng hindi pagkakaunawaan sa pamilya – tumawag sa 1800 050 321 • Mga Relasyon ng Pamilya Online – bisitahin ang www.familyrelationships.gov.au. • Listahan ng mga kinikilalang Family Dispute Resolution Practitioner – bisitahin ang https://fdrr.ag.gov.au/.
Payo sa batas pampamilya	Para sa impormasyon tungkol sa batas pampamilya, kabilang ang mga serbisyo at suporta, bisitahin ang website ng Australian Attorney-General Department: • Family Law Services and Support fact sheet - https://www.ag.gov.au/families-and-marriage/publications/family-law-services-and-support-fact-sheet • Buod ng mga pagbabago sa 2024 balangkas ng pagiging magulang para sa mga magulang at partido: https://www.ag.gov.au/families-and-marriage/publications/family-law-amendment-act-2023-factsheet-parents
Tulong sa pagiging magulang	Pinopondohan ng Pamahalaang Australya ang ilang organisasyon upang magbigay ng mga programa at suporta sa mga magulang: • Upang mahanap ang pinakamalapit na organisasyon na susuporta sa iyong mga pangangailangan, bisitahin ang https://serviceproviders.dss.gov.au/. • Pinopondohan ng Pamahalaang Australya ang Raising Children Network na mayroong hanay ng impormasyon para sa mga magulang - https://raisingchildren.net.au/grown-ups/family-life.

Child Support Scheme	Para sa impormasyon tungkol sa Child Support, makipag-ugnayan sa Services Australia sa 13 12 72, o bisitahin ang https://www.servicesaustralia.gov.au/learning-about-child-support?context=60015. • Child Support Estimators – https://www.servicesaustralia.gov.au/online-estimators?context=64107. • Gabay sa Pagsuporta sa Bata – https://www.servicesaustralia.gov.au/child-support-online-help-guides?context=64107.
Family Tax Benefit (Benepisyo sa Buwis ng Pamilya)	Makipag-ugnayan sa Services Australia (Centrelink) sa 13 16 50 o bisitahin ang webpage ng impormasyon sa Family Tax Benefit: https://www.servicesaustralia.gov.au/family-tax-benefit. • Gabay sa Australian Government Payments – https://www.servicesaustralia.gov.au/guide-to-australian-government-payments?context=22. • Gabay sa Tulong sa Pamilya – https://guides.dss.gov.au/family-assistance-guide. • Mga pakikipag-ugnayan sa Child Support sa FTB – https://guides.dss.gov.au/child-support-guide. • Pagpapalaki sa mga Bata – https://www.servicesaustralia.gov.au/raising-kids.